Setyembre 2010 • Allied Waste Services ng Daly City

# Pahayagan para sa Organik na Pagreresiklo

## SA ISYUNG ITO

**Itinatampok na mga Kustomer:**
**Bayshore Market • Majikku Ramen Restaurant**

## BAYSHORE MARKET

**2800 Geneva Avenue**
**Daly City, CA 94014-1523**
**(415) 508-1709**

Binuksan ng Bayshore Market ang pintuan nito sa Geneva Area ng Daly City noong Hunyo 2009 at nag-alok sa mga mamimili ng maraming mapagpipiliang mga sariwang produkto at mga bilihin. Pagkaraan ng halos isang taon, naging isa ang Bayshore Market sa mga pinakaunang convenience stores sa Daly City na sumali sa programa ng Allied sa muling paggamit ng mga organiko.

Bago sa pagpapalista nito sa programa para sa nasasayang na pagkain, dati nang gumagawa ang Bayshore Market ng mahusay na pagsisikap sa muling paggamit ng mga 'tuyong' materyal na maaaring gamitin muli. Pagkatapos ng isang panimulang pagsusuring isinagawa ng Allied, natuklasan ng mga may-ari na sina Al Haddad at Suhail Turgman na hindi lumilikha ang kanilang tindahan ng isang makabuluhang dami ng katanggap-tanggap na mga basurang galing sa pagkain. Pagkaraan ng halos sampung buwan at sa paglago ng negosyo, hiniling nilang bumalik ang Allied at muling tingnan ang kanilang mga basurang galing sa pagkain. Sa pamamagitan nito, isang bago at pangmatagalang samahan ang nabuo sa pagitan ng Bayshore Market at Allied! Lumilikha ang negosyo ng madaming katanggap-tanggap na organikong materyales –ang mga karamihang basurang galing sa pagkain – at ginawa nitong napakadali ang kanilang mga pagsisikap sa pagpapataas ng muling paggamit.

***"Sumusulong nang maayos ang programa para sa mga nasasayang na pagkain; Gumagawa ng mahusay na pagsisikap ang Allied Waste sa pangongolekta ng mga materyal. Sa palagay ko, dapat itong maging sapilitan, ito ang tamang gagawin" ayon kay G. Turgman.***

-- patuloy

**Mga Kasali sa Programa ng Paggamit Muli ng mga Organiko**

- Bayshore Market
- Majikku Ramen
- Koi Palace
- La Loma Produce
- North Peninsula Food Pantry
- Pacific Supermarket
- Sizzler Colma and Daly City

Sa pagsasanay at mga materyal na pang-edukasyon na ibinigay ng Allied, napapanigurong mabuti nina Haddad at Turgman na palagiang ibinubukod ng kanilang mga kawani ang mga hindi nabebentang produkto at mga waxed cardboard mula sa daloy ng basura at sa halip inilalagay ito sa kanilang lalagyan ng mga organiko – na sini-serbisyuhan nang dalawang beses sa isang linggo tuwing Lunes at Biyernes! Ang iligal na pagtambak sa kanilang lalagyan ang kaisa-isang usapin na kanilang naranasan ngunit nang magkaroon ng kaalaman ang Allied Waste sa usaping ito, nilaanan ang lokasyon ng isang lalagyan na may takip na nasususian at mula noon nalutas na ang usapin.

**Interesado ba sa paglahok sa muling paggamit ng mga organikong materyal ng Bayshore Market? Makipag-ugnayan sa Allied ngayon sa (650) 756-1130 upang makapagsimula.**

# Majikku Ramen Restaurant nasa unahan ng 'sustainability'

Kilala ang Majikku Ramen Restaurant, na matatagpuan sa 240 Skyline Plaza sa Daly City, sa paghahanda ng ilan sa pinakamasarap na pansit Hapon sa kanilang lugar. Hindi lamang sa lumalago ang negosyo, nangunguna din ng 'sustainability' ang Majikku Restaurant pagdating sa pangangasiwa ng basura nito at sa muling paggamit ng mga ito. Pagkatapos ng ilang taong pakikigamit ng mga basurahan sa iba pang mga negosyo sa Skyline Plaza, binago ng kompanyang nangangasiwa ng mga ari-arian ang serbisyo sa pangongolekta at inobliga ang mga nagmamay-ari ng mga negosyo na kumuha ng kanya-kanyang mga basurahan. Nakita ito ni Paul Lee, may-ari ng Majikku Restaurant, bilang isang pagkakataon na mas paigtingin pa ang muling paggamit ng mga bagay na kadalasang itinuturing niyang basura.




*Paul Lee, may-ari ng Majikku Ramen Restaurant*

***"Nakipag-ugnayan ako sa Allied Waste upang tingnan ang iba pang mga serbisyo na maaaring subukan upang dagdagan ang muling paggamit sa aking negosyo kaysa itapon ito," ayon kay G. Lee.***

Ipinakilala ni Stephani Ragler, kinatawan ng Allied Recycling, si G. Lee sa programang muling paggamit ng mga organiko na nagbibigay kakayahan sa mga negosyo na magpasa ng mga basurang galing sa pagkain gaya ng mga tirang pagkain at mga serbilyeta. Magpapatuloy na magkaroon ang mga nagmamay-ari ng mga negosyo sa Skyline Plaza ng kapahintulutan na gumamit ng lalagyan para sa mga "tuyong" bagay gaya ng papel, karton, naaprobahang plastik, salamin, aluminyo, at iba pang mga materyal na maaring gamitin muli. Pagkatapos ng isang 'walk-thru' na pagtatasa, madaling natukoy ni Stephanie na maaaring magamit muli ng Majikku Restaurant ang maraming materyal na organiko na nanggagaling sa kusina.

Binigyan ng mga pagsasanay at mga poster na pag-edukasyon si G. Lee at ang kanyang mga kawani at nang inasikaso na ng mga beteranong kawani para sa operasyon ng Allied ang angkop na laki ng lalagyan, pagdadala at paghahatid, sinimulan ng Majikku Restaurant ang muling paggamit ng karamihang dati'y itinuturing nilang basura. Labis na nasiyahan si G. Lee sa serbisyong pang-organiko ng Allied at nasabi niyang: "Isa itong napakagaling na programa at labis kong imumungkahi sa aking mga kasosyo sa negosyo sa komunidad.'

**Samahan ang Majikku Restaurant at iba pang mga negosyo sa Daly City sa kanilang pagbabawas sa pagsayang at pagdaragdag pa sa muling paggamit ng mga bagay. Tawagan ang Allied ngayon sa (650) 756-1130 upang makapagsimula.**

1680 Edgeworth Avenue
Daly City, CA 95014
(650) 756-1130
www.alliedwastedalycity.com